

Mahalagang paunawa tungkol sa pagbibigay ng school lunch at gastos para sa school lunch

Sa Hiroshima City, nagbibigay kami ng school lunch bilang bahagi ng aktibidad sa edukasyon sa paaralan.

1 Layunin ng School Lunch

	1 Upang mapanatili at mapabuti ang kalusugan sa pamamagitan ng pagkonsumo ng naaangkop na nutrisyon. 2 Upang palalimin ang tamang pag-unawa sa diyeta sa pang-araw-araw na pamumuhay, linangin ang kakayahang magpasya na makakapagbigay-daan sa malusog na gawi sa pagkain at bumuo ng kanais-nais na gawi sa pagkain. 3 Upang pagyamanin ang pamumuhay sa paaralan at bumuo ng masayang pakikisalamuha at diwa sa pakikipagtulungan. 4 Upang palalimin ang pag-unawa na ang mga gawi sa pagkain ay batay sa benepisyo mula sa kalikasan, at bumuo ng diwa ng paggalang sa buhay at sa kalikasan, at ang pag-uugali na nakakatulong sa pangangalaga ng kapaligiran. 5 Upang palalimin ang pag-unawa na ang mga gawi sa pagkain ay sinusuportahan ng iba't ibang aktibidad ng mga taong sangkot sa pagkain, at bumuo ng pag-uugali na pinahahalagahan ang trabaho. 6 Upang palalimin ang pag-unawa sa mahusay na tradisyonal na kultura ng pagkain sa bansa at bawat rehiyon. 7 Upang humantong sa tamang pag-unawa sa produksyon, distribusyon at pagkonsumo ng pagkain.	   
---	---	---

2 Nilalaman ng Menu

Pangunahing Pagkain <table border="1" style="width: 100%; text-align: center;"> <tr> <td></td> <td></td> <td></td> <td></td> <td></td> </tr> <tr> <td>Lunes</td> <td>Martes</td> <td>Miyerku</td> <td>Huweb</td> <td>Biyerne</td> </tr> </table> Kanin Ibinibigay 4 na beses sa 1 linggo. Ang kanin para sa school lunch ay produkto ng Hiroshima Prefecture. Tinapay Ibinibigay 1 beses sa 1 linggo. 						Lunes	Martes	Miyerku	Huweb	Biyerne	 Gatas Kasama ang 200 ml na gatas araw-araw. Ang gatas ay isa sa mga mahalagang pinagkukunan ng calcium dahil naglalaman ito ng maraming calcium at madali itong ma-absorb ng katawan. Side dish Sinusubukan namin na gawing well-balanced ito, tulad ng pagsasama ng mga simmered dish, fried dish, stir-fried dish, dressed salad, atbp. batay sa main dish at side dish. Nagsusumikap kami na isama ang mga pagkain mula sa mga kaganapan, lokal na pagkain, internasyonal na lutuin, menu mula sa sister / friendship city, at mga seasonal na pagkain.  
											
Lunes	Martes	Miyerku	Huweb	Biyerne							

3 Aplikasyon para sa school lunches

Ang paaralang papasukan ay may sistema ng delivery school lunch kung saan maari kayong pumili ng alinman sa dalawa: pagdadala ng lunch box mula sa tahanan o pag-apply para sa delivery school lunch. Para makatanggap ng pagbibigay ng delivery school lunch, kinakailangan magsumite ng “School lunch application form” at “Delivery school lunch order form”. Mangyaring magsumite ng 1 kopya bawat form para sa bawat bata / estudyante sa paaralang papasukan. Bilang karagdagan, para sa mga pumapasok sa municipal na elementary school sa Hiroshima City, at nagsumite na ng “School lunch application form” sa elementary school, hindi na kailangan magsumite muli ng “School lunch application form”. Mangyaring isumite lamang ang “Delivery school lunch order form”.

4 Gastos para sa School Lunch

(1) Tungkol sa gastos para sa school lunch

Ang gastos para sa school lunch na binabayaran ng lahat ng mga magulang o tagapag-alaga ay gagamitin sa pagbili ng mga sangkap na gagamitin sa school lunch.

Ang Hiroshima City ang nagbabayad ng gastos para sa labor, gastos para sa utilities, kagamitan sa pasilidad at gastos para sa pagkukumpuni.

(2) Halaga at deadline ng pagbayad ng gastos para sa school lunch

Ang halaga ng gastos para sa school lunch para sa bawat pagkain para sa junior high schools, former curriculum sa secondary schools, special needs education junior high / high schools ay **300 yen**.

Para sa halaga na babayaran para sa gastos para sa school lunch, naka-set ang taunang halaga ng school lunch ayon sa bilang ng taunang naka-iskedyul na araw para sa school lunch para sa bawat grade sa bawat paaralan,

at ito ay babayaran ng 10 beses nang hiwa-hiwalay (Hunyo hanggang Marso ng susunod na taon). Bilang pangkalahatang tuntunin, ang deadline ng pagbayad ay ang mga sumusunod. Gayunpaman, kung ang araw na ito ay nahuhulog sa Sabado, Linggo o holiday, ang deadline ay magiging sa susunod na business day ng institusyong pampinansyal. Ipapaalam namin sa lahat ng magulang o tagapag-alaga ang halaga at deadline ng pagbayad para sa taon na iyon sa Hunyo taun-taon.

Deadline ng Pagbayad	Ika-1 yugto	Ika-2 yugto	Ika-3 yugto	Ika-4 yugto	Ika-5 yugto
Deadline ng Pagbayad	Katapusan ng Hunyo	Katapusan ng Hulyo	Katapusan ng Agosto	Katapusan ng Setyembre	Katapusan ng Oktubre
Deadline ng Pagbayad	Ika-6 yugto	Ika-7 yugto	Ika-8 yugto	Ika-9 na yugto	Ika-10 yugto
Deadline ng Pagbayad	Katapusan ng Nobyembre	Enero 4	Katapusan ng Enero	Katapusan ng Pebrero	Katapusan ng Marso

[Hal.] Kapag ang bilang ng taunang naka-iskedyul na araw para sa school lunch ay 195 araw para sa anak na estudyante sa junior high school

- Taunang halaga ng school lunch: $300 \text{ yen} \times 195 \text{ araw} = 58,500 \text{ yen}$
- Halaga ng pagbayad: $58,500 \text{ yen} \div 10 \text{ beses} = 5,850 \text{ yen} \approx 5,900 \text{ yen}$
(halagang mababa sa 100 yen ay naka-round up)

Ika-1 yugto~Ika-9 na yugto: 5,900 yen

Ika-10 yugto: $58,500 \text{ yen} - (5,900 \text{ yen} \times 9 \text{ beses}) = 5,400 \text{ yen}$

*Ang bilang ng taunang naka-iskedyul na araw ay naiiba depende sa paaralan at grade.

*Kung nagbago ang bilang ng taunang naka-iskedyul na araw dahil sa pagkansela ng mga kaganapan, atbp., i-aadjust ang halaga ng pagbayad sa Ika-10 yugto. Ang halaga ng pagbayad pagkatapos ng adjustment ay ipapaalam sa Marso.

(3) Paraan ng pagbayad ng gastos para sa school lunch

Bilang pangkalahatang tuntunin, ang pagbabayad ay sa pamamagitan ng account transfer, kaya't mangyaring gawin ang mga sumusunod na proseso (Ang Hiroshima City ang magbabayad ng charge para sa account transfer.).

Para sa mga papasok sa municipal na paaralan sa Hiroshima City sa unang pagkakataon mula junior high school, o sa mga pumasok sa municipal na elementary school sa Hiroshima City, at hindi isinagawa ang proseso ng School Lunch Expenses / Japan Sport Council Mutual Aid Contribution Account Transfer Request, mangyaring punan ng mga kinakailangan na impormasyon ang "School Lunch Expenses / Japan Sport Council Mutual Aid Contribution Account Transfer Request (application form para sa paggamit ng automatic payment)", at isumite ito sa handling financial institution bago ang entrance ceremony.

* Para sa mga nakagawa na ng prosesong ito noong pumapasok sa municipal na elementary school sa Hiroshima City, hindi na kailangan ng muling pagproseso.

* Kailangan ng hiwalay na aplikasyon para sa account transfer para sa bawat bata.

* Pagkatapos isumite ang account transfer request sa institusyong pampinansyal, tatagal ng humigit-kumulang 2 buwan bago makumpleto ang proseso. Kapag hindi ito nasumite bago ang entrance ceremony, maaaring hilingin sa inyo sa umpisa na magbayad gamit ang payment form.

* Kung hindi magawa ang account transfer sa deadline ng pagbayad dahil sa hindi sapat na balance, hindi magsasagawa ng retransfer. Magpapadala kami ng paalala (may kasamang payment form) sa inyong tahanan, kaya't mangyaring bayaran ito sa counter ng convenience store o institusyong pampinansyal.

* Bilang pangkalahatang tuntunin, kung tumatanggap ng suporta tulad ng pampublikong tulong, suporta sa pagpapaaral, atbp., ang gastos para sa school lunch ay kukunin mula sa bawat sistema, kaya't hindi na kailangan bayaran ito ng mga magulang o tagapag-alaga.

Gayunpaman, kung nagwakas na ang mga suporta na ito, kinakailangan niyong magbayad sa pamamagitan ng account transfer, kaya't pati ang mga kasalukuyang tumatanggap ng suporta ay mangyaring magsumite ng account transfer request upang makalipat sa account transfer sa lalong madaling panahon.

Bilang karagdagan, kung kasalukuyan pang nag-aapply para sa suporta sa pagpapaaral at hindi pa ito na-approve, kinakailangan bayaran ang gastos para sa school lunch, kaya't mangyaring magsumite ng account transfer request.

[Mga institusyong pampinansyal na nangangasiwa ng account transfer (31 na bangko)]

Ordinary Banks	Hiroshima, Momiji, Mizuho, Mitsubishi UFJ, Resona, Sumitomo Mitsui, Yamaguchi, Saikyo, Chugoku, The San-in Godo, Tottori, Shikoku, Ehime, Hyakujushi, Iyo, Fukuoka, Nishi-Nippon City, Japan Post	Trust Banks	Mizuho, Sumitomo Mitsui, Mitsubishi UFJ
		Shinkin banks	Hiroshima, Kure
		Credit Associations	Hiroshima Prefecture, Hiroshima City, Hiroshima Shogin, Chogin-Nishi
		Agriculture Cooperatives	Hiroshima City, Aki
		Iba pa	Chugoku Rokin Bank, Hiroshima Prefectural Credit Fisheries Cooperative Association

Para sa mga katanungan Hiroshima City Board of Education Office, School Education Department, Health Education Division, Food Education Section
1-4-21 Kokutaiji-machi, Naka-ku, Hiroshima-shi 〒730-8586
TEL: 082-504-2490 E-Mail: kyo-kenko@city.hiroshima.lg.jp

Tungkol sa Delivery School Lunch

Sa Hiroshima City, 42 na junior high schools at Hiroshima Secondary School (former curriculum) ang nagsasagawa ng sistema ng delivery school lunch na may kasamang school lunch mula sa tahanan na option. Ang menu para sa delivery school lunch ay inihahanda ng school lunch nutritionist ng Board of Education upang makapagbigay ng kinakailangan na nutrisyon para sa mga junior high school na estudyante batay sa national school lunch intake standards. Ang lunch box na may pangunahing pagkain (kanin o tinapay) at side dish (humigit-kumulang 4 na side dish) ay may kasamang gatas.

Bilang karagdagan, mula sa pananaw ng edukasyon sa pagkain, nagsusumikap kami upang maipasa ang kultura ng pagkain sa pamamagitan ng pagsama ng mga lokal na pagkain, pagkain mula sa mga kaganapan, lokal na produkto, at tradisyonal na sangkap.

Ang mga sangkap ay binibili nang maramihan ng (General Incorporated Association) Hiroshima City School Lunch Association batay sa pamantayan tulad ng hindi paggamit ng mga hindi kinakailangang food additives o genetically modified na mga sangkap. Ang pagluluto, pagpapadala, paghuhugas / pag store ng mga lunch box ay ina-outsource sa pribadong kumpanya.

[Pagpapakilala ng Menu]



ごはん・ひれかつ・ぽてとさらだ・ごまあえ・かしわもち・ぎゅうにゅう



ぱん・たんどりーちきん・ふらいどぽてと・てっちゃんさらだ・にんじんのたまごとし・なし・ぎゅうにゅう



ぱん・しろみざかなのかれーあげ・せんちゃんやきそば・たまごさらだ・みかん・ぎゅうにゅう



ごはん・さけのしおやき・あかじそあえ・にくじゃが・おひたし・きなこふらいびーんず・ぎゅうにゅう

*Mangyarin magdala ng sariling chopsticks at kutsara mula sa tahanan.

